
# II

## Kurso sa Pagsasanay ng mga Instruktor ng

## BATAYANG KURSO NG PARTIDO



# KURSO SA PAGSASANAY NG MGA INSTRUKTOR NG BATAYANG KURSO NG PARTIDO

ANG KURSO SA Pagsasanay ng mga Instruktor ng Batayang Kurso ng Partido (BKP) ay isang mahalagang bahagi ng ating pagsisikap na magsanay ng sapat na bilang ng mga instruktor para sa pag-aaral ng BKP. Kailangan natin ng gulugod na pwersa ng mga instruktor na may sapat na kakayahan sa pagtuturo para tuluy-tuloy na maisulong ang kampanya sa pag-aaral ng BKP.

Inaasahang ang kursong ito ay makapagbibigay ng:

- pag-unawa sa katangian, layunin sa pag-aaral, at kahalagahan ng BKP;
- pag-unawa sa mga tungkulin ng instruktor ng BKP; at
- kasanayan sa gawaing instruksyon sa BKP.

Maaaring tapusin ang kursong ito sa loob ng tatlo hanggang apat na araw, kung dalawa o tatlong paksa lamang ng BKP ang isasalang sa bahaging workshop at praktikum. Kung ipapraktikum ang lahat ng paksa para sa mas komprehensibo at masinop na pagsasanay ng mga instruktor, kakailanganin ang mas mahabang panahon para dito. Inaasahang ibayong palalamnan ng tagapagsanay ang kursong ito sa proseso ng pag-aaral alinsunod sa kalagayan at pangangailangan ng mga mag-aaral at ng saklaw na organisasyon ng Partido.

Nahahati sa dalawang bahagi ang kurso: una, ang pagtalakay sa ilang mahalagang prinsipyo sa pagtuturo ng BKP; at pangalawa, ang praktikum sa tuwirang pagbibigay ng mga paksa sa BKP.

**I. ILANG PRINSIPYO SA PAGTUTURO NG BKP**

**A. ANG BKP**

**B. ANG PAG-AARAL NG BKP**

1. Ang mag-aaral
2. Ang instruktor
3. Ang paghahanda sa pag-aaral
4. Pangangasiwa sa mga gawain ng pag-aaral
5. Iba pang usapin kaugnay ng pag-aaral ng BKP

K. **MGA PRINSIPYO AT PAMAMARAAN SA PAGTUTURO NG BKP**

**Mga Prinsipyo**

1. Ang pag-uugnay ng teorya sa praktika
2. Ang demokrasyang pinapatnubayan ng disiplina

**Mga Pamamaraan**

1. Ang pamamaraan sa pagtuturo
2. Teknik sa pagtuturo
3. Plano sa pagtuturo
4. Mga pantulong at kasangkapan sa pagtuturo
5. Ang sining ng pagtatanong
6. Paggamit ng halimbawa

D. **PAGSASANAY SA PAGTUTURO NG BKP**

1. Ang tungkulin sa sistematikong pagpapaunlad ng talakayan
2. Ang pagbubukas ng pag-aaral sa kurso
3. Sistematikong pagtalakay sa bawat paksa
4. Pagsasara ng talakayan sa paksa
5. Pagsasara ng pag-aaral sa kurso

E. **ANG PATULOY NA PAGPAPAUNLAD NG GAWAING INSTRUKSYON SA BKP**

1. Ang pagtatasa sa bawat sesyon ng pag-aaral sa kurso
2. Ang paglalagom ng mga karanasan sa gawaing instruksyon sa BKP

II. **WORKSHOP AT PRAKTIKUM**

# I. ILANG PRINSIPYO SA PAGTUTURO NG BKP

## A. ANG BKP

Ang BKP ay ang unang pormal na kurso sa tatlong-antas na kurso ng Partido. Inilalatag dito, sa paraang simple ngunit komprehensibo, ang saligang Marxista-Leninista-Maoistang (MLM) mga prinsipyo ng Partido at rebolusyong Pilipino.

Pangkalahatang layunin ng batayang kurso na armasan ang bawat kasapi ng Partido ng minimum na kasangkapang teoretikal na siyang gabay sa kanyang patuloy na pagpupunyagi sa rebolusyonaryong pag-aaral at pang-araw-araw na rebolusyonaryong pagkilos. Bilang pundasyon ng teoretikal at pampulitikang edukasyon ng Partido, ipinapatimo ng BKP sa isipan ng bawat kasapi ang saligang mga proletaryong rebolusyonaryong paninindigan, pananaw at pamamaraan.

Ang batayang kurso, sa esensya, ay pag-aaral sa lipunan at rebolusyong Pilipino. Nagbibigay ito ng saligang kaalaman tungkol sa kasaysayan ng Pilipinas, katangian ng lipunang Pilipino, bagong demokratikong rebolusyon, motibong mga pwersa at mga target, at sosyalistang perspektiba ng rebolusyong Pilipino. Prinsipal na diin ng pag-aaral sa BKP ang pagkakamit ng sapat na pag-unawa sa pangkalahatang linya ng Partido sa pulitika—ang demokratikong rebolusyong bayan (DRB). Bahagi din ng batayang kurso ang panimulang pag-aaral sa saligang mga prinsipyo ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at sa saligang mga katangian ng Partido Komunista ng Pilipinas.

May kagyat at matagalang kahalagahan ang BKP sa pagkokonsolida ng Partido sa ideolohiya at pulitika, gayundin sa pagpapalawak at pagkokonsolida sa organisasyon nito. Mahalagang salik ang BKP upang tiyakin ang nagkakaisang pagmartsa ng buong Partido sa pagharap sa iba't ibang usapin at problema ng rebolusyong Pilipino ngayon at sa hinaharap. Nagsisilbi ring pundasyon at tulong ang BKP sa pag-aaral ng iba pang pormal at komprehensibong kurso ng Partido tulad ng Intermedyang Kurso ng Partido (IKP) at Abanteng Kurso ng Partido (AKP), gayundin, sa pag-aaral ng mga akdang Marxista-Leninista-Maoista.

Ang BKP ay pangunahing para sa bagong mga kasapi ng Partido. Inihahanda sila ng batayang kurso para maging mulat at masigasig sa pagtupad ng rebolusyonaryong mga tungkulin at gawain. Kaya't pinakamainam na matapos ng bawat bagong kasapi ang pag-aaral sa kurso sa loob ng anim na buwan pagkaraang sumumpa siya bilang kandidatong kasapi ng Partido. Ibinibigay din ang kurso sa mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan bilang bahagi ng pampulitikang pag-aaral sa mga inilulunsad na batayang pagsasanay pulitiko-militar.

Higit na napapatingkad ang halaga ng pag-aaral sa BKP kung mahigpit itong naiuugnay sa iba pang mga tungkulin at gawain.

Nahahati sa tatlong bahagi ang mga nilalaman ng BKP:

**Aklat 1:** Introduksyon sa Saligang mga Prinsipyo ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Nakapaloob na mga Paksa:

1. **Saligang Proletaryong Paninindigan at Pananaw sa Rebolusyon**
2. **Materyalismong Diyalektiko**
3. **Materyalismong Istoriko**
4. **Ekonomyang Pampulitika**
5. **Imperyalismo**

**Aklat 2:** Pag-aaral sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino (LRP)
Nakapaloob na mga Paksa:

1. **Kasaysayan ng Pilipinas**
2. **Ang mga Uri sa Lipunang Pilipino at ang Krisis ng Sistemang Malakolonyal at Malapyudal**
3. **Ang Demokratikong Rebolusyong Bayan (DRB)**

**Aklat 3:** Pag-aaral Hinggil sa Partido Komunista ng Pilipinas (PKP)
Nakapaloob na Paksa:

**Ang Partido Komunista ng Pilipinas at ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto (IDKP)**

Partikular na layunin ng unang aklat na ipatimo sa mga mag-aaral ang saligang paninindigan at pananaw ng isang Komunista — pagtaguyod sa Marxismo-Leninismo at pagbaka sa di proletaryong mga kaisipan, paglinang at pagpapatatag sa diwa ng paglilingkod sa mamamayan at pagsasakripisyo, at pagtaguyod sa proletaryong internasyunalismo. Tinutugunan nito ang panimulang pag-unawa sa saligang mga prinsipyo ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inihahanda ng unang aklat ang mga mag-aaral para sa mas mahusay na pagsapol sa susunod na dalawa pang aklat.

Sa esensya, ang ikalawang aklat ay pag-aaral sa wasto at mapanlikhang paglalapat ng Partido sa saligang mga prinsipyo ng MLM sa pagsusuri sa kasaysayan at lipunang Pilipino na kongkretong nagresulta sa paglalatag ng pangkalahatang linya sa pulitika — ang demokratikong rebolusyong bayan. Sa partikular, inililinaw ng ikalawang aklat ang batayang mga yugto sa kasaysayan ng Pilipinas, ang malakolonyal at malapyudal na katangian ng lipunang Pilipino, ang bagong demokratikong katangian ng kasalukuyang yugto ng rebolusyong Pilipino, ang motibong mga pwersa, ang mga target, ang estratehiya at mga taktika ng matagalang digmang bayan, ang komprehensibong mga tungkulin at ang sosyalistang perspektiba ng rebolusyon.

Sa maagang yugto pa lamang ng kanilang pagiging kasapi ng Partido, dapat magkaroon ang mga mag-aaral ng sapat at komprehensibong pag-unawa tungkol sa pampulitikang organisayon na kanilang kinapapalooban — ang PKP. Sa pamamagitan nito higit na naipapatimo ang kanilang responsibilidad bilang kasapi ng abanteng destakamento ng proletaryong Pilipino. Ito ay tinutugunan ng pag-aaral sa ikatlo at huling aklat. Pinag-aaralan sa bahaging ito ang kasaysayan ng PKP sa nakaraang mahigit tatlong dekadang praktika at ang saligang mga katangian nito. Bahagi ng naturang paksa ang pag-aaral sa IDKP upang higit na masapol ang mga aral at tungkulin sa pagsusulong ng rebolusyong Pilipino sa kasalukuyang yugto.

Ang bawat paksa ay makatatayo sa sarili at maaaring kolektibong pag-aralan nang paisa-isa ng mga yunit ng Partido at sa pamamagitan ng sariling pag-aaral at pagbabasa ng indibidwal na kasapi. Gayunman, hindi maituturing na nakapagtapos ng BKP ang sinumang kasapi nang hindi dumaan sa pormal na pag-aaral ng buong kurso.

Bukod sa tekstong aralin ng BKP, pinakamainam kung mababasa ng mag-aaral at instruktor ang saligang mga sanggunian ng BKP. Maaari ring maghanda ng pinasimpleng materyales na mas aangkop sa mga mag-aaral. Habang sumusulong ang ating kampanya ng pag-aaral ng BKP, maaari pang magdagdag sa listahan ng batayang mga babasahin.

## B. ANG PAG-AARAL NG BKP

May tatlong importanteng salik ang anumang pag-aaral: ang paksa, ang mag-aaral, at ang instruktor. Ang paksa ang kumakatawan sa mga kaalaman at impormasyon. Ang mag-aaral ang tumatanggap nito. Ang instruktor naman ang nasa gitna, ang nagsisilbing tulay para sa transmisyon ng mga nilalaman ng paksa tungo sa mag-aaral.

Ang instruktor at mag-aaral ang dinamikong mga aspeto ng pag-aaral. Nakasalalay sa dalawa ang matagumpay na pag-aaral. Sa isang banda, nakabatay ito sa kaalaman at kasanayan ng instruktor sa pagdadala ng pag-aaral. Dahil ang instruktor ang pangunahing nagdadala sa pag-aaral, kailangang gamay niya ang kanyang itinuturo. Dapat may kaalaman siya sa sistematikong mga paraan ng pagtuturo at, higit sa lahat, malinaw niyang naipauunawa ang mga paksa sa mga mag-aaral. Sa kabilang banda,nakabatay naman ito sa kagustuhan at kahandaan ng mga mag-aaral na matuto.

Kaya't napakahalaga ang pagtutulungan at mahigpit na pagkakaisa ng instruktor at mga mag-aaral upang matiyak na maging mabunga ang pag-aaral. Ang pagkakaisang ito ay nakabatay sa prinsipyong "Ang instruktor ay natututo sa mga mag-aaral, ang mga mag-aaral ay natututo sa instruktor at sa kapwa mag-aaral."

### 1. Ang Mag-aaral ng BKP

Nagsisimula tayo sa batayang ang lahat ng mag-aaral ng BKP ay mga proletaryong rebolusyonaryo na may iba't ibang antas ng pag-unawa at praktika sa rebolusyon. Malakas ang hangarin nilang matuto upang mapalawak ang kaalaman at mapataas ang antas ng kakayahang tumupad sa kani-kanilang rebolusyonaryong mga tungkulin at gawain.

Karaniwan, ang mga kalahok sa pag-aaral ay:

**a.** mga kasapi ng Partido na relatibong bago pa sa buhay pampartido;
**b.** mga Pulang mandirigma ng BHB at abanteng elemento mula sa rebolusyonaryong kilusang masa;
**k.** relatibong matagal nang mga kasapi ng Partido at nakapagtapos na ng pag-aaral sa kurso; lumalahok silang muli bilang pagbabalik-aral.

Inaasahan na ang mga mag-aaral ng BKP ay may panimulang pag-unawa na sa pangkalahatang linya ng Partido sa pulitika mula sa pag-aaral ng pangkalahatan at espesyal na mga kursong masa, at mula sa paglahok sa iba pang pampulitikang edukasyong masa na inilulunsad sa pamamagitan ng Pambansang Demokratikong Paaralan (PADEPA).

Ang pagdadala sa buong pag-aaral, laluna ang presentasyon at pagtalakay sa teoretikong mga prinsipyo at usapin, ay dapat na may pagsasaalang-alang sa tipo ng mga mag-aaral kaugnay ng kanilang uring pinagmulan, antas na inabot sa burgis na paaralan, at tagal sa pagkilos.

**a.** Mga mag-aaral mula sa masang manggagawa at magsasaka na ang pormal na edukasyong inabot ay mababa sa antas kolehiyo o mas mababa pa sa hayskul ngunit nahasa sa produksyon at makauring pakikibaka.

Sila ang kalakhan ng mga mag-aaral ng BKP. Karaniwa'y nahihirapan sila sa pagbabasa at pagsusulat kaya't may epekto ito sa kanilang paghahanda sa pag-aaral. Sa aktwal na pag-aaral, nahihirapan silang sumangguni sa teksto at blakbord, at sa pagnonota. Hindi rin sila sanay sa tuluy-tuloy at mahabang intelektwal na aktibidad.

Ang presentasyon at pagtalakay sa mga paksa ay dapat sapat-sapat na maging simple at kongkreto upang madali nilang maintindihin ang mga ito, at upang mahimok ang aktibo nilang partisipasyon. Ang mga terminong MLM at iba pang mga konsepto ay maaaring maipaliwanag sa simple, kongkreto at interesanteng mga paraan.

**b.** Mga mag-aaral na mula sa petiburgesya at iba pang saray ng lipunan na may mataas na antas ng pormal na edukasyong naabot.

Ang presentasyon at pagtalakay sa mga paksa ay maaaring katangian ng mas madulas na paggamit ng mga terminong MLM at iba pang mga konsepto. Gayunman, dapat pa ring isaalang-alang ang magkaibang antas sa pagitan ng mga nakapagbasa at nakapag-aral ng mas maraming babasahing MLM at sa iba na mas kaunti pa lamang; gayundin ang magkakaibang tagal nila sa paglahok sa rebolusyonaryong kilusan.

Ang bilang ng mga mag-aaral sa isang sesyon ng pag-aaral sa kurso ay maaaring mula pito (7) hanggang dalawampu (20) upang sa gayon mabigyang-daan ang aktibong partisipasyon ng lahat sa talakayan.

## 2. Ang Instruktor

Ang instruktor ng BKP ang gumaganap ng namumunong papel sa kolektibong pag-aaral. Siya ang pangunahing naglilinaw sa nilalaman ng mga paksa at nagdidirihe't nagrerenda sa talakayan. Responsibilidad niya na makamit ang mga layunin ng pag-aaral.

Ang instruktor ng BKP ay isang Marxistang instruktor. Naninindigan siya sa teorya at praktika ng MLM at sa saligang mga prinsipyo, linya at patakaran ng Partido.

Upang mabisang magampanan ang tungkulin bilang isang Marxistang instruktor, dapat niyang taglayin at paunlarin ang sumusunod na propesyunal na mga katangian:

### a. *Gamay ang Paksang Pinag-aaralan*

Ang sapat na paggagap ng instruktor sa paksang pinag-aaralan ang unang rekisito sa mabisang pagtuturo.

Ang malalim na paggagap na ito ay makakamit lamang sa pamamagitan ng kanyang walang sawang pag-aaral. Hindi makasasapat ang pag-aaral sa paksa sa isang takdang panahon lamang. Dapat gawin ng instruktor ang pana-panahong pagrerebyu sa teksto, kasabay ang pagbabasa ng iba pang materyales na may direktang kaugnayan sa paksa. Walang sawang pagsisikap para matuto — ito ang aktitud na dapat paunlarin ng bawat Marxistang instruktor.

Nararapat ding magkaroon siya ng pangkalahatang kaalaman sa iba pang mga sangay ng pag-aaral na lampas sa mga paksang itinuturo. Mahalaga ito dahil ang iba pang larangan ng kaalaman ay maaaring makadagdag sa kanyang paglilinaw sa paksang pinag-aaralan. Magiging handa rin ang instruktor para sa anumang tanong na maaaring ihapag ng mga mag-aaral.

### b. *May Kakayahan sa Paggamit ng Iba't-ibang Pamamaraan sa Pagtuturo*

Kasabay ng malalim na paggagap sa paksang pinag-aaralan, mahalagang sapat ang kaalaman at kasanayan ng instruktor sa iba't ibang pamamaraan ng pagtuturo upang mabisang matalakay ang mga paksa at madali itong masapol ng mga mag-aaral.

Dagdag pa, dapat tumuklas ang instruktor ng bagong mga pamamaraan sa pagtuturo at tuluy-tuloy na paunlarin ang mga ito. Dapat ding iakma ang mga paraang ginagamit sa kalikasan ng paksa, sa katangian at partikular na pangangailangan ng mga mag-aaral, gayundin sa obhetibong kalagayang kinapapalooban ng pag-aaral.

### k. *May Karanasan at Kaalaman sa Rebolusyonaryong Pakikibaka*

Malaking ambag sa pag-aaral ang buhay na pagpapalaman ng instruktor. Magagawa ito kung siya ay may sapat na karanasan at pag-alam sa rebolusyonaryong praktika ng masa. Hindi ito makukuha sa anumang libro kundi sa direktang pakikilahok sa pakikibaka ng mamamayan.

Hindi rin dapat magkasya ang instruktor sa kanyang nakaraang mga karanasan sa rebolusyonaryong kilusang masa. Makakatulong sa kanya ang tuluy-tuloy na panlipunang pagsisiyasat, paglalagom ng mga karanasan at pananaliksik upang higit pang mapayaman ang kanyang rebolusyonaryong praktika at teorya.

Sa ganitong paraan, maitataas ang antas ng kakayahan ng instruktor sa pag-uugnay ng teoretikal na mga pag-aaral sa praktika ng mga mag-aaral.

#### d. *Kakayahang Unawain ang mga Mag-aaral*

Mahalaga ang pagkilala ng instruktor sa mga mag-aaral. Ito'y salamin ng kanyang pagpapahalaga sa mga mag-aaral at taus-pusong pagnanais na sila'y matuto. Dapat alamin ng instruktor ang interes at mga karanasan ng mga mag-aaral, ang kanilang iba't ibang aktitud, kahinaan at kalakasan, at gawin itong salalayan sa paghikayat sa aktibo nilang partisipasyon.

Mahalagang magpaunlad ang instruktor ng iba't ibang pamamaraan sa pagkuha ng mga impormasyon tungkol sa mga mag-aaral. Ang mga impormasyong ito ay hindi lamang kinakalap bago ilunsad ang pag-aaral, kundi patuloy pang dapat kilanlin ng instruktor ang mga mag-aaral sa buong proseso ng pag-aaral.

#### e. *Mapagmahal sa Partikular na Gawain*

Malaking salik sa matagumpay na pagtupad ng instruktor sa partikular na tungkulin ang kanyang aktitud sa gawain. Mahalagang maipatimo sa isipan ng bawat instruktor ang diwa ng tuluy-tuloy na pagpapaunlad ng kaalaman at kakayahan sa pagtuturo. Ngunit ang instruktor ay hindi simpleng tagapagturo lamang. Nangangahulugan din ito ng tamang pakikisalamuha sa mga mag-aaral, pakikipagtulungan sa kapwa instruktor, at sa pag-aasikaso ng teknikal na mga usapin. Kailangan siyang maging mapanuri, disiplinado at masinop sa paggawa, bukas sa mga mungkahi at puna, at masigasig sa pag-alam sa mga kongkretong usapin at suliraning kinakaharap ng rebolusyonaryong kilusan. Mula sa pinakamayor na usapin ng pagtuturo hanggang sa pagtugon sa teknikal na mga pangangailangan ang dapat tiyakin ng instruktor.

Magagawa ito kung lubos na mauunawaan ng instruktor ang kanyang partikular na gawain sa Partido at sa rebolusyon bilang napakahalagang tungkulin sa ideolohiya, pulitika at organisasyon.

Kaakibat ng propesyunal na mga katangian, kailangan ding taglayin at paunlarin ng instruktor ang personal na mga katangiang makatutulong sa epektibong pamumuno sa pag-aaral at sa paglikha ng mahusay na relasyon sa mga mag-aaral. Kabilang dito ang pagiging magalang, matulungin, mapagpasensya at mapagpakumbaba, bukas sa opinyon at mungkahi ng iba, mapanghikayat sa partisipasyon at ambag ng mga mag-aaral, matapat, mapagkakatiwalaan, may *sense of humor*, at may kontrol sa sarili. Ang ganitong kalugud-lugod na mga katangian ng instruktor ay nagbibigay-daan sa pagbubuo ng mas mahigpit na pagkakaisa sa pagitan niya at ng mga mag-aaral, at kung gayon, sa higit na pagpapatingkad sa diwa ng pagkatuto sa isa't isa.

### 3. Ang Paghahanda sa Pag-aaral ng BKP

Mahalagang salik ang paghahanda para tiyakin ang tagumpay ng pag-aaral sa BKP. Matapos pagpasyahan ng kinauukulang organo ng Partido ang pagdaraos ng BKP, at maitakda ang mga lalahok na mag-aaral at ang lugar na pagdarausan ng pag-aaral, ang unang mahalagang hakbang ay ang paghahanda para sa pag-aaral. Saklaw nito ang paghahanda ng instruktor, paghahanda ng mga mag-aaral, at mga paghahandang teknikal.

a. ***Paghahanda ng Instruktor***

**i. Panimulang Pag-alam sa mga Mag-aaral**. Ang inisyal na pag-alam sa mga katangian at ekspektasyon ng mga mag-aaral bago magsimula ang pag-aaral ay mahalaga para sa paggawa ng lesson plan. Malaki ang maitutulong ng ganitong mga impormasyon upang mabisang makaangkop ang instruktor sa mga mag-aaral.

Dapat makuha ang sumusunod na datos tungkol sa mga mag-aaral: uring pinagmulan, antas na naabot sa pormal na edukasyon; mga rebolusyonaryong edukasyong nakuha; partikular na responsibilidad at gawain; mga problema, laluna iyong may kinalaman sa pagpapatupad ng kani-kanilang mga tungkulin; kalusugang pisikal at mental, at ilang personal na katangian laluna ang aktitud sa pag-aaral. Makakatulong din na masiyasat ng instruktor ang kalagayan ng pag-aaral at mga suliranin ng mga yunit na kinabibilangan ng mga mag-aaral.

Sa pinakamenos, magagawa ang pagsisiyasat sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagpapasagot sa kanila ng naihandang mga katanungan (*questionnaire*). Mainam kung maisaayos ang direktang pakikipanayam sa kanila. At kung may pagkakataon, makakatulong nang malaki ang pakikipanayam sa mga kadreng pumapatnubay sa mga mag-aaral. Sa kalagayang hindi naisagawa ang direktang pagsisiyasat, maaaring maglunsad ng maikling talakayang-buhay ang mga mag-aaral sa pagsisimula ng aktwal na pag-aaral.

**ii. Paglikom ng Materyales para sa Pag-aaral.** Kabilang sa materyales na dapat ihanda bago ang aktwal na pag-aaral ay ang mga teksto at iba pang kaugnay na babasahin (tulad ng mga sanggunian, praymer, gabay sa pag-aaral) at mga pantulong sa pagtuturo (tulong biswal, tsart, atbp). Dapat makapaghanda ng sapat na kopya ng mga teksto at iba pang babasahin at maagap na maibigay ang mga ito sa mga mag-aaral bago ang takdang araw ng pag-aaral.

**iii. *Briefing* ng mga Instruktor at *Dryrun.*** Kailangan tiyaking makakapagpulong ang mga instruktor ilang araw bago ang takdang iskedyul ng aktibidad. Layunin nitong mapartikularisa ang mga plano, matamang maagapan ang mga bara sa paghahanda, at mapanday ang kaisahan ng mga instruktor tungo sa kolektibong nilang pamamatnugot sa nalalapit na pag-aaral.

Dito binubuo ang pagtingin sa katangian at ekspektasyon ng mga mag-aaral mula sa mga nakuhang datos para maitakda ang partikular na layunin, diin at pamamaraang gagamitin sa pag-aaral. Dito natutukoy ang dapat na sinuping materyales, *teaching aids* at iba pang teknikal na pangangailangan. Tinatasa rin sa pulong na ito ang lagay ng indibidwal na paghahanda ng bawat instruktor upang matulungan ang sinumang may kinakaharap na suliranin ukol dito.

Pagkakataon din ang pulong na ito upang sa pagitan ng mga instruktor ay maensayo o ma-*dryrun* ang pagtuturo. Bukod sa naihahanda nila ang sarili sa pagharap sa mga mag-aaral, tinutugunan din ng *dryrun* ang maagap na palitan ng mga puna at mungkahi ng mga instruktor kaugnay ng kani-kanilang paggagap sa mga paksa at estilo ng pagtuturo. Malaking ambag sa paghahanda ang *dryrun* laluna sa bago o nagsasanay pa lamang na mga instruktor.

**iv. Paghahanda ng *Lesson Plan.*** Matapos maipirmi ng mga instruktor ang hatian sa mga paksa, ang susunod na mahalagang hakbang ay ang paghahanda ng lesson plan. Esensyal sa pagbabalangkas ng

lesson plan ang kaalaman ng instruktor sa paksa, sa partikular na layunin ng pag-aaral, sa angkop na mga pamamaraan sa pagtuturo, at sa mga impormasyong nakalap tungkol sa mga mag-aaral.

Ang lesson plan ay magsisilbing gabay ng instruktor para sa maayos at sistematikong pagpapadaloy ng talakayan. Ang kawalan ng naihandang plano sa pagtuturo ay malimit na nagreresulta sa kalituhan kapwa sa bahagi ng instruktor at ng mga mag-aaral.

***b. Paghahanda ng mga Mag-aaral***

Mahalagang salik sa pagtatagumpay ng pag-aaral ng BKP ang kahandaan ng mga mag-aaral. Tungkulin ng mga instruktor at ng mga yunit ng Partido na kinabibilangan ng mga mag-aaral na tiyakin ito. Ilang araw bago magsimula, dapat napagkaisa na ang mga mag-aaral sa plano.

Sa pinakaminimum, dapat mabasa ng mga mag-aaral ang teksto bago ang aktwal na pag-aaral upang magkaroon sila ng ideya hinggil sa ituturo. Isang magandang paraan ang kolektibong pagbabasa sa teksto.

Mainam na makapaghanda ang mga mag-aaral ng kanilang mga katanungan batay sa kanilang nabasa at maagap na isumite ito sa instruktor.. Makakatulong ito sa instruktor para magagap ang katangian at partikular na pangangailangan ng mga mag-aaral. Magbibigay din ito sa kanya ng ideya tungkol sa mga puntong dapat palawigin o rendahan sa aktwal na pag-aaral.

Malaking problema sa bahagi ng mag-aaral, laluna ang nagmumula sa batayang masa, ang pagtiyak sa ikabubuhay ng kanilang pamilya at pag-aasikaso sa mga gawaing pangkabuhayan habang sila'y nag-aaral. Hindi sila makakapagkonsentra sa pag-aaral kapag ang mga ito ay hindi nabigyan ng sapat na pansin at hindi mahusay na napaghandaan. Dapat sikapin ng mga mag-aaral at kinauukulang yunit ng Partido na lutasin ang problemang ito.

***k. Paghahandang Teknikal***

Kasama sa teknikal na paghahanda ang pagtiyak sa lugar na pagdarausan, seguridad, pagkain, materyales at iba pang kagamitan. Dapat tiyakin ang pag-aasikaso sa mga ito dahil dito nakabatay ang paglarga ng pag-aaral ayon sa iskedyul na itinakda. Kung hindi maagap na malulutas ang mga problema kaugnay ng mga usaping teknikal, maaaring magdulot ito ng negatibong epekto sa buong takbo ng pag-aaral, kundi man tuluyang makasagka sa mismong paglulunsad ng pag-aaral.

**4. Pangangasiwa sa mga gawain ng pag-aaral**

Ilan sa mahahalagang aspeto ng pangangasiwa ang:

- paglilinaw sa mga gawain at organisasyon ng buong pwersa na naroroon sa pag-aaral;
- mahusay na pag-iiskedyul sa iba't ibang aktibidad;
- pagtuturo sa mga mag-aaral ng wastong aktitud sa pag-aaral;
- pagpapairal ng demokratikong pamamaraan at lubos na pagbibigay-daan para sa inisyatiba ng bawat kalahok
- wastong paggamit at pangangalaga sa mga kagamitan sa pag-aaral;
- pagpapanatili sa kaayusan at kalinisan ng pagdarausan ng pag-aaral;
- paggamit ng iba't ibang tipo ng breyk tulad ng pangkulturang mga aktibidad para mabigyan ng

pagkakataong makapagpahinga ang mga mag-aaral at mapatibay ang pagkakaisa ng lahat ng kalahok;
- paglilinaw ng mga alituntunin at hakbang para tiyakin ang seguridad; at
- pagpapairal ng disiplina sa pag-aaral kapwa ng instruktor at ng mga mag-aaral.

Mahalagang makuha ng instruktor ang kooperasyon ng mga mag-aaral at iba pang mga kasama para sa mahusay na pag-oorganisa at pangangasiwa sa lahat ng ito.

### 4. Iba pang mga Usapin Kaugnay ng Pag-aaral ng BKP

#### a. *Team Teaching*

Mabigat at sadyang nakakapagod para sa instruktor ang mag-isang hawakan ang buong kurso; tiyak na negatibong makakaapekto ito sa epektibo niyang pagtuturo. Dapat lamang kung gayon na mapahigpit ang pagtutulungan ng mga instruktor o ang praktika ng *team teaching* sa buong proseso ng pag-aaral.

Bago pa man ang pagsisimula ng pag-aaral, kailangang maipirmi na ng mga instruktor ang kanilang hatian sa mga paksa. Sa pinakamenos, dalawang instruktor ang itatalaga sa bawat sesyon. Ang isa ay tatayong prinsipal na instruktor at siyang pangunahing mamumuno sa pag-aaral, at ang isa naman ay segundaryo o katuwang na instruktor. Habang tinatalakay ng isang instruktor ang kanyang paksa, ang kanyang ka-team ay dapat namang tumulong sa pangangasiwa sa iba pang aspeto ng pag-aaral at mag-ambag ng mga pagpapalawig sa anumang puntong tinatalakay kailanman ito kailangan. Tinitiyak ng ganitong minimum na bilang at kumbinasyon ng mga instruktor ang mahusay at magaang na pagdadala ng pag-aaral.

Ang bawat sesyon ay mainam ding pagkakataon para bigyan ng praktikal na karanasan ang sinasanay na bagong mga instruktor . Batay sa kanilang kakayahan, maaari silang bigyan ng paksa o bahaging ituturo at iba pang responsibilidad. Dapat silang mahigpit na gabayan ng mga pangunahing instruktor sa kanilang takdang mga gawain.

#### b. *Takdang Panahon ng Pag-aaral*

Magiging mabigat kapwa para sa mga mag-aaral at instruktor, at kung gayo'y hindi rin magiging mabunga, ang labis na mahabang panahon ng pag-aaral. Batay sa ating mga karanasan sa paglulunsad ng BKP, pinakamainam kung tatapusin ang buong kurso sa loob ng pito  hanggang walong araw, na may walo hanggang sampung oras na pag-aaral bawat araw. Sapat-sapat na ang panahong ito para mabisang matalakay ang mga paksa ng kurso at makamit ang mga layunin ng pag-aaral. Sa ganitong tuluy-tuloy na mga sesyon, makapagpopokus ang mga mag-aaral, at kung gayo'y madali nilang matatandaan at mapag-uugnay-ugnay ang mga paksa.

Narito ang isang pleksibleng mungkahing iskedyul ayon sa bilang ng oras bawat paksa, at bilang ng araw bawat aklat.

**Aklat 1: Introduksyon sa Saligang mga Prinsipyo ng MLM ............................................ 3 araw**
Saligang Proletaryong Paninindigan at Pananaw sa Rebolusyon……….........................… 6 oras
Materyalismong Diyalektiko……………………………………………………….. 6 oras
Materyalismong Istoriko…………………………...……………………………………. 6 oras

Ekonomyang Pampulitika.......................................................................... 6 oras
Imperyalismo.......................................................................................... 6 oras

**Aklat 2: Pag-aaral sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino** (LRP).................................... **2-3 araw**
Kasaysayan ng Pilipinas.............................................................................. 6 oras
Ang mga Uri sa Lipunang Pilipino at ang Krisis ng Sistemang MK-MP.............................. . 8 oras
Ang Demokratikong Rebolusyong Bayan (DRB)................................................ 8-10 oras

**Aklat 3: Pag-aaral Hinggil sa Partido Komunista ng Pilipinas** (PKP)........................... **2 araw**
Ang Partido Komunista ng Pilipinas at ang IDKP.............................................. 10 oras

**Total** ........................................................................................ **62-64oras/7-8 araw**

Gayunman, sa mga sirkunstansyang hindi nagpapahintulot sa ganitong iskedyul, maaring gawin ang putol-putol o *staggered* na pag-aaral na may dalawang sesyon; isa para sa Aklat 1, at isa para sa Aklat 2 at 3. Dulot naman ng sukdulang mga kalagayan (at totoong may epekto na sa kalidad ng pag-aaral), may mga pagkakataon din na maging ang dalawang *staggered* nang mga sesyong ito ay kailangang ibayo pang pagbarya-baryahin. Dito, dapat iwasan ang napakahabang patlang sa pagitan ng mga sesyon; anu't anuman, ang importante ay makumpleto ang pag-aaral sa buong kurso sa loob ng anim na buwan.

**k. *Ang katitikan ng pag-aaral***

Mahalaga ang katitikan sa pag-aaral dahil ito ang nagsisilbing batayan ng gagawing pagtatasa sa proseso at pagkatapos ng pag-aaral sa buong kurso. Ginagamit din itong sanggunian sa pagbabalik-aral ng mga instruktor at mag-aaral.

Tungkulin ng mga instruktor na tiyakin ang katitikan. Habang tinatalakay ng isang instruktor ang isang paksa, ang ibang instruktor ang siyang gumagawa ng katitikan.

Dapat maging simple o di lubhang detalyado ang katitikan. Tinitiyak lamang dito na wasto ang mga naitatala at masinop ang pagkakagawa. Karaniwang nilalaman ng katitikan ang oras ng pagsisimula at pagtatapos ng sesyon ng pag-aaral sa buong kurso at ng pagtalakay sa bawat paksa; pangunahing mga puntong natalakay na wala sa teksto o sa plano sa pagtuturo; mga tanong at mahuhusay na ideyang naiaambag ng mga mag-aaral; mahahalagang puntong nakaligtaan o di sapat na natalakay, mga mali na dapat iwasto at iba pang mahahalagang impormasyon at obserbasyon na tinatayang may malaking kabuluhan sa isasagawang pagtatasa.

## K. MGA PRINSIPYO AT PAMAMARAAN SA PAGTUTURO NG BKP

### MGA PRINSIPYO

Dalawang mahalagang prinsipyo ang gumagabay sa instruktor ng BKP sa pamumuno sa buhay na kolektibong pag-aaral: ang pag-uugnay ng teorya sa praktika, at ang pagpapairal ng demokrasyang pinapatnubayan ng disiplina.

**1. Ang pag-uugnay ng teorya sa praktika**

Ito ang wastong estilo ng pag-aaral, sa BKP man o sa iba pang teoretikong pag-aaral na inilulunsad sa loob ng Partido. Ito ang pag-aaral sa saligang mga prinsipyo ng MLM at ng rebolusyong Pilipino na nakaugnay sa praktikal na kilusan. Sa pag-aaral ng BKP, tungkulin ng instruktor na ipakilala at bigyan ng sapat na paglilinaw ang rebolusyonaryong teorya at mga prinsipyong nilalaman ng kurso. Ngunit hindi ito sapat. Upang tunay na maarmasan ang mga mag-aaral ng mga prinsipyong ito, dapat ipakita ang ugnayan nito sa kanilang praktika, at idiin ang kahalagahan at kabuluhan nito sa kanilang pagpupunyagi sa rebolusyon.

**2. Ang demokrasyang pinapatnubayan ng disiplina**

Ito ang malaya at masiglang talakayan ayon sa balangkas ng takdang antas ng pag-aaral, at sa gabay ng partikular na mga layunin nito. Ito ang nagbibigay-buhay sa diwa ng "ang mga mag-aaral ay natututo sa guro, ang guro ay natututo sa mga mag-aaral, at ang mga mag-aaral ay natututo sa isa't isa." Sa isang banda, hinihikayat ng instruktor ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral, bukas sa kanilang mga tanong, opinyon at mungkahi, habang mulat at hindi bumibitaw sa takdang daloy ng talakayan. Sa kabilang banda, ipinopokus naman ng mga mag-aaral ang kanilang atensyon sa pag-aaral at nagsisikap na mag-ambag sa talakayan sa abot ng kanilang makakaya.

Mahigpit ang ugnayan at tulungan ng dalawang prinsipyong nabanggit. Higit na pinapasigla ng prinsipyo ng pag-uugnay ng teorya sa praktika ang talakayan; habang nililikha naman ng demokrasyang ginagabayan ng disiplina ang kalagayan upang ibayong mapatingkad ang pag-uugnay ng teorya sa praktika.

## MGA PAMAMARAAN

Sa diwa rin ng nabanggit na mga prinsipyo nagagabayan ang instruktor ng BKP sa kanyang pagtukoy at mabisang paggamit ng pamamaraan sa pagtuturo, teknik sa pagtuturo, plano sa pagtuturo o *lesson plan,* mga pantulong sa pagtuturo; sining ng pagtatanong; at mga halimbawa.

**1. Ang Pamamaraan sa Pagtuturo**

Ang pamamaraan sa pagtuturo ay susi para epektibong mapadaloy ng instruktor ang kaalaman tungo sa mga mag-aaral. Tungkulin ng instruktor na mag-isip at gumamit ng iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo. Salik dito ang pagiging mapanlikha at mapamaraan ng instruktor—mga katangiang mapapaunlad lamang sa pamamagitan ng walang-sawa niyang pag-aaral, pag-iipon at napapanahong paglalagom ng mga karanasan, at kahandaang matuto sa iba.

Gayunman, ang kaangkupan ng partikular na pamamaraang gagamitin ay itinatakda ng mga sumusunod:

- ***Partikular na layunin ng pag-aaral:*** Ito ang nagtatakda ng balangkas at nagsisilbing gabay para sa pagkakamit ng layunin.
- ***Kalikasan ng paksa:*** Ang pagkakaiba ng mga paksa ay nangangahulugan ng pagkakaiba sa mga pamamaraan.
- ***Katangian ng mga mag-aaral:*** Dahil sa mga mag-aaral pangunahing nakatuon ang pag-aaral, dapat iangkop ang pamamaraan sa kanila.

- ***Mga kasangkapan at pasilidad na kagyat na magagamit:*** Malaking tulong ang pagmamaksimisa sa mga ito para sa mahusay na pagpapadaloy ng pag-aaral.

Masusukat ang kaangkupan at bisa ng mga pamamaraan kung nakukuha nito ang sustenidong atensyon at interes ng mga mag-aaral, nahihimok ang kanilang aktibong partisipasyon sa talakayan, at napapasigla ang kanilang pag-iisip at pangangatwiran.

Mahalagang salik ng pamamaraan sa pagtuturo ang ispesipikong paraang gagamitin sa pagtalakay sa isang paksa. Sa BKP, lektura ang pangunahing paraan sa pagtalakay habang suplementong mga paraan nito ang pagsasalaysay, basa-talakay at paraang tanong-sagot. Ang pag-aaral naman sa isang kaso o *case study* at ang aktibidad na *workshop* ay ispesyal na mga paraan para sa higit na mabisang pagtuturo.

**a. *Lektura:*** Ang lektura ay karaniwang ginagamit sa pagsisimula, sa pagtalakay sa katawan, at sa pagsasara ng isang paksa. Angkop ito sa pagtalakay ng mga mayor na paksa, laluna kung ang paksa ay bago at relatibong kumplikado sa mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng lektura, ang mga nilalaman ng paksa ay inilalahad at ipinapaliwanag, at ang pangunahing mga ideya o puntong nakapaloob dito ay sapat-sapat na pinapalawig ayon sa balangkas ng paksa.

Mahalaga ang papel ng lektura sa pagsustine ng atensyon ng mag-aaral. Pinapatalas nito ang paglilinaw dahil naididiin ng instruktor ang pangunahing mga punto ayon sa partikular na katangian at pangangailangan ng mga mag-aaral. Dito, agad na naiuugnay ng instruktor ang mga prinsipyo't konsepto sa kongkretong mga kalagayan at karanasan ng mga mag-aaral. Gayundin, nailalagay niya ang segundaryong mga punto sa kanilang wastong relasyon sa pangunahin. Sa paraang lektura nagiging pleksible ang instruktor; napapagaan at nagiging mabisa ang pag-aaral.

**b. *Basa-talakay:*** Maaaring ilakip sa lektura ang paraang basa-talakay. Dito, sinisipi o baha-bahaging binabasa ng instruktor o ng mga mag-aaral ang teksto, upang pagkatapos ay palawigin ang mga puntong nakapaloob sa binasang mga sipi. Angkop ang paraang ito upang magpalalim at matiyak ang pagsapol ng mga mag-aaral sa isang partikular at mahalagang bahagi ng teksto.

Gayunman, nagbubunga ng negatibong epekto sa pag-aaral at hindi nakakatulong sa pagkakamit ng layunin kung ang paraang ito ang tanging gagamitin sa buong paksa. Dito, karaniwang nagiging walang-buhay at mekanikal ang pag-aaral; unti-unting nawawalan ng sigla hanggang sa tuluyan nang antukin o mabagot ang mga mag-aaral. Sinasalamin lamang nito na limitado pa ang paggagap ng instruktor sa paksa, at/o kakulangan sa paghahanda.

**k. *Tanong-sagot:*** Maaari ring ikumbina sa lektura ang paraang tanong-sagot upang mapatingkad ang partisipasyon ng mga mag-aaral. Angkop ang paraang ito sa kalagayang relatibong pamilyar ang mga mag-aaral sa mga puntong nililinaw. Maraming pagkakataong may mga katanungan sa teksto na kayang kagyat na sagutin ng mga mag-aaral; kaya't imbes na magbigay ng lektura, ipasagot na lamang sa mga mag-aaral ang tanong.

**d. *Case study:*** Ang *case study* ay ginagamit sa pagtalakay at pagsusuri sa isang piling sitwasyon o problema na halaw sa karanasan at may direktang kaugnayan sa paksang tinatalakay. Ginagamit ito upang higit na maipasapol ang sangkot na mga prinsipyo at mapalakas ang kumpyansa at kakayahan ng mga mag-aaral na ilapat ito sa kanilang praktika. Sa mahigpit na paggiya sa talakayan, ineengganyo ng instruktor ang mga mag-aaral na maglahad ng kanya-kanyang opinyon na ibayong maglilinaw sa sitwasyon o magbibigay ng kalutasan sa problemang sinusuri.

Angkop ang *case study* sa mga paksa ng BKP na maaaring tuwira't kagyat na maiugnay sa pang-araw-araw na buhay o karanasan ng mga mag-aaral. Halimbawa, sa paksang Ekonomyang Pampulitika, pwedeng pag-aralan ang isang partikular na kaso sa buhay pang-ekonomya ng masa, at sa paksang Mga Uri at Krisis ng Lipunang Pilipino, pwedeng pag-aralan ang karanasan ng mga mag-aaral sa panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa uri.

Upang matingkad na masalamin ng kaso ang mga prinsipyong sangkot, pinakamainam kung lagom nang karanasan ang kasong pag-aaralan, at sapat-sapat ang mga impormasyong ipiprisinta bilang batayan ng mga mag-aaral sa pagsusuri.

**e. *Workshop:*** Ang *workshop* ay kadalasang ginagamit para sanayin ang mga mag-aaral sa kolektibong pag-iisip — sa pagsusuri at paglutas ng isang problema na pamilyar sa lahat ng mag-aaral. Ang mga mag-aaral ay hinahati sa mga grupo upang doo'y sama-samang harapin at resolbahin ang problemang nakasalang. Bawat grupo ay may hihiranging mamumuno sa talakayan; siya rin ang maglalahad sa napagkaisahan o kongklusyong nabuo ng grupo. Sa presentasyon, hinihikayat ang iba pang mag-aaral na maglahad ng dagdag na opinyon o magtanong.

Kung gagamitin ang dalawang huling paraang nabanggit, dapat magtakda ng tiyak na haba ng oras na gugugulin para dito na umaayon sa takdang panahong inilaan para sa pagtalakay ng paksa.

### 2. Ang Teknik sa Pagtuturo

Ang teknik sa pagtuturo ay isang kasanayan sa paglalahad na mahalagang paunlarin ng instruktor. Partikular na papel nito ang makuha ang atensyon ng mga mag-aaral at tumulong sa pagdidiin sa mga punto. Tampok sa usapin ng teknika ang mga aksyon at pagpupusisyon ng kamay, katawan, ulo at mukha, ekspresyon ng mukha, gayundin, ang kontrol sa kalidad at lakas ng boses *(voice modulation)*, para ipahiwatig o ilarawan ang isang partikular na ideya, opinyon, emosyon, at iba pa.

### 3. Ang Plano sa Pagtuturo *(Lesson Plan)*

Ang *lesson plan* ay isang sistematiko at nakasulat na plano ng instruktor sa magiging daloy ng buong pag-aaral sa kurso. Nagsisilbi itong pangkalahatang gabay upang matiyak ang pagkakamit sa mga layunin ng pag-aaral. Isa itong mahalagang rekisito ng mabisang pagtuturo na dapat mahusay na paghandaan ng instruktor.

Ang mga sangkap ng *lesson plan* ay:

**a. Paksang Tatalakayin:** Nakasulat na titulo ng paksa at balangkas (pangunahing mga nilalaman o bahagi) nito.

**b. *Layunin ng Pag-aaral:*** Takdang partikular na mga layunin sa pag-aaral ng paksa. Gabay ito upang matiyak na mapaglilingkod ang talakayan sa bawat bahagi tungo sa hakbang-hakbang na pagkakamit ng itinakdang mga layunin.

**k. *Mahahalagang Punto:*** Ito ang nakasulat na mahahalagang punto na dapat diinan sa pagtalakay. Nagsisilbi itong paalala upang di makaligtaan ang mga puntong susi sa pag-unawa sa buong paksa.

**d. *Pamamaraan at Estilong Gagamitin sa Pagtatalakay:*** Nakasulat na iba't ibang pamamaraang gagamitin na angkop at makakatulong sa mabilis na pag-unawa ng mga mag-aaral sa paksa. Kabilang dito ang naihandang mga katanungan at halimbawang gagamitin sa pagpapalawig ng mahahalagang punto, mga aktibidad gaya ng *workshop* at mga *review question* na sumusukat kung naunawaan ng mga mag-aaral ang paksa.

Mainam din na maiplano ang karaniwang oras na ilalaan sa pagtalakay ng paksa at sa iba't ibang bahagi nito. Sa gayon, mas mapanghahawakan ang matamang paggamit ng panahon at maiiwasan ang sobrang pagpapalawig o ikli ng talakayan.

**4. Mga Pantulong at Kasangkapan sa Pagtuturo** *(Teaching Aids & Tools)*

Ang mga pantulong sa pagtuturo ay mga kasangkapang ginagamit para pasimplehin, padaliin, pagaanin, at sinupin ang pagtuturo. Higit na nagiging mabisa ang pagtuturo at mas mabilis na natututo ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng wastong paggamit ng instruktor ng mga pantulong sa pagtuturo. Pinapasimple ang pagtuturo dahil nailalahad na agad ang mga datos, punto at iba pa na madaling maintindihan at matandaan ng mga mag-aaral. Pinapadali at pinapagaan ang pagtuturo dahil naipipresenta kaagad ng instruktor kailanman kailangan ang mga ito kaya't naiiwasan ang pag-aaksaya ng panahon sa pagsusulat sa blakbord o pagdidikta. Nasisinop ang pagtuturo dahil natitiyak ng instruktor na naihahanda nang kumpleto at wasto ang mga punto o datos at napapahusay pa ang porma ng presentasyon.

Nahahati ang mga pantulong sa pagtuturo sa tatlong mayor na kategorya:

**a. *Limbag na materyales:*** Ito ang malaking bahagi ng mga pantulong sa pagtuturo.

- Ang tatlong aklat ng BKP ang pangunahing kasangkapan na ginagamit ng instruktor sa pagtuturo. Ito ang prinsipal na pinagkukunan ng laman ng pag-aaral.
- Mga suplementong materyal tulad nitong manwal; mga sangguniang libro, pamplet; naihandang gabay sa pag-aaral o study outline; at iba pa.

**b. *Mga Tulong Biswal:*** Nagsisilbing daluyan ang mga tulong biswal para sa organisadong presentasyon ng mga ideya o puntong tinatalakay. Malaki rin ang matitipid na pagod at oras dahil maiiwasan ang palagiang pagsusulat sa blakbord.

- Blakbord. Ito ang isang kasangkapan na di maaaring mawala *(indispensable)*. Sa pamamagitan ng blakbord, mailalahad at mailalarawan ang mga pinag-aaralan sa pinakamabilis at pinakamadaling paraan.
- Mga Larawan.
- *Flashcards* o *strips.*
- Mga *graphic material* tulad ng *graph,* tsart, drowing, poster, mapa, at iba pa.

**k. *Mga pantulong teknikal tulad ng audio aids (tape recorders) at multimedia aids:*** Isa itong larangan na dapat nating paunlarin dahil sa bisa nito bilang tulong sa pagtuturo. Kung mayroon at pinapahintulot ng kalagayan, mainam na imaksimisa ang mga pantulong teknikal. Halimbawa, sa pag-aaral ng ikalawang bahagi ng BKP (Lipunan at Rebolusyong Pilipino), maaaring ipalabas ang "Sa Liyab ng Libong Sulo" o "Ang Kaaway" sa pamamagitan ng video player (VHS) o ng kompyuter (CD *format*).

## 5. Ang Sining ng Pagtatanong

Ang pagtatanong ay isa pang mahalagang usapin ng mabisang pagtuturo. Ang kakayahang maghapag ng epektibong mga katanungan ay maituturing na isang mayor na salik para sa isang matagumpay na pagtuturo. Isa itong sining na dapat paunlarin ng mga instruktor. Pinakamainam na nakapaghanda ang instruktor ng mga katanungan bago pa man ang takdang pag-uumpisa ng pag-aaral.

Ang pagtatanong ay magagamit para:

- Pasiglahin ang pag-iisip ng mga mag-aaral.
- Kunin ang interes ng mga mag-aaral.
- Diinan ang mga mayor na punto ng paksa.
- Sukatin ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga tinatalakay.
- Himukin at tulungan ang mga mag-aaral na iugnay ang teorya sa praktika.

Upang maging epektibo ang katanungan, dapat itong malinaw, akma sa antas ng mga mag-aaral, napapanahon, nakakahamon, ispesipiko at depinido.

Dapat ding ibinabato ang mga tanong sa paraang "natural", hindi binibigkas nang nagmamadali at nakakasindak. Ang mga mag-aaral ay dapat mabigyan ng sapat na panahong pag-isipan ang tanong bago tumawag ng sasagot. Iwasan din ang mga tanong na paulit-ulit. Hati-hatiin din ang mga tanong sa mga mag-aaral upang magkaroon ng partisipasyon ang kalakhan ng mga mag-aaral. Huwag ilimita ang mga tanong sa mga abanteng mag-aaral.

Mahalaga ang tamang aktitud ng instruktor sa mga kasagutan ng mga mag-aaral. Dapat na maipakita ng instruktor ang malugod niyang pagtanggap sa mga ito. Sa pamamagitan nito, naipapadama sa mga mag-aaral na malaya silang sumagot sa mga tanong sa abot ng kanilang makakaya.

Kung hindi gaanong malinaw ang sagot ng isang mag-aaral sa isang tanong, maaaring hingin sa kanya ng dagdag na pagpapalawig para linawin ito. Kapag hindi masagot ng mag-aaral ang tanong, maaaring baguhin ang pormulasyon ng tanong o kaya'y magbato ng dagdag na tanong. Ang punto ay matulungan ang mag-aaral na pag-isipan ang wastong kasagutan. Mali na laitin ang mag-aaral na hindi makasagot sa tanong. Kung mali ang sagot ng isang mag-aaral, dapat itong iwasto. Hindi pwede na basta na lamang palampasin ang maling mga sagot dahil maaaring ito ang tumimo sa isipan ng mga mag-aaral. Hindi rin dapat payagan ang sabay-sabay na pagsagot dahil ito ay nagdudulot ng kaguluhan.

Sa kabilang banda, dapat mahikayat ang mga mag-aaral na magtanong kailanman may puntong nais linawin o puwang para sa mga karagdagang kaalaman. Para sa instruktor, ang pagtatanong ng mga mag-aaral ay isang mahalagang salik para masukat ang interes ng mag-aaral at ang antas ng kanilang pag-unawa sa mga pinag-aaralan. Kaya nararapat na matamang suriin ng instruktor ang ibinabatong mga katanungan ng mag-aaral upang maging batayan sa mabisang pagtugon. Maaaring ang tanong ay sobrang babaw o kaya'y nauna nang nasagot sa talakayan. Mayroon ding tanong na ang pagsagot ay hindi lamang upang tugunan ang kahilingan ng mismong nagtanong na mag-aaral kung masasamantala ang pagkakataon upang ibayong palalimin ang pagtalakay sa puntong sangkot. O ang isang tanong ay nagpapahiwatig ng pag-aalinlangan ng mag-aaral sa paliwanag ng instruktor. At mayroon ding mga tanong na tila nanunubok lamang sa kakayahan ng instruktor. Sa lahat ng ito, obligasyon ng instruktor na matamang magbigay ng kasagutan.

Kung may katanungan ang mag-aaral na di kayang sagutin ng instruktor, dapat niyang mapagkumbabang aminin ito. Sikapin niyang hanapin ang kasagutan sa pamamagitan ng patuloy na pag-aaral at pananaliksik at sagutin ang tanong sa ibang pagkakataon.

### 6. Paggamit ng mga Halimbawa

Mahalagang papel ang ginagampanan ng paggamit ng mga halimbawa sa paglilinaw ng mahahalagang punto at pag-uugnay ng pag-aaral ng teorya sa praktika.

Ang mga halimbawang gagamitin ay dapat wasto, sapat ang kaugnay na datos, angkop sa mga puntong tinatalakay, at mahusay na nailalahad. Ang mga halimbawa ay maaaring halaw sa lagom na mga karanasan o mula sa pang-araw-araw na pakikibaka. Mainam na makapaghanda ang instruktor ng mga halimbawa bago pa man ang aktwal na pag-aaral upang matiyak ang kawastuan at paggamit sa mga ito. Ang mga halimbawang naihanda ay maaaring ipaloob sa plano sa pagtuturo.

Sa paghahanda ng mga halimbawa, piliin ang pinakamabisang makapaglilinaw sa puntong tatalakayin at pinakamadaling iugnay sa karanasan ng mga mag-aaral. Tiyaking simple at maiksi ngunit buo ang mga halimbawa.

## D. PAGSASANAY SA PAGTUTURO NG BKP

### 1. Ang Tungkulin sa Sistematikong Pagpapaunlad ng Talakayan

Kailangan ang sistematikong pagpapaunlad ng talakayan sa nilalaman ng BKP. Layunin nito ang maging simple at epektibo ang pagtuturo sa kurso sa pamamagitan ng pagsesentro ng talakayan sa mahahalagang punto.

Binabantayan nito ang pagkalulong sa mga detalye at segundaryong usapin, o ang pagdiin sa napakaraming punto hanggang sa wala nang gaanong matandaan ang mga mag-aaral.

Sa kabilang banda, binabantayan ding labis na mapakitid ang pagpapaliwanag sa mga napakapartikular at kagyat na karanasan o labis na maihihiwalay ang ibang paksa sa iba pang paksa. Dapat ding mabigyan ng sapat na lawak ang pag-unawa ng mag-aaral at maipakita kung bakit at paano nagkakaugnay-ugnay at nagkakasunud-sunod ang tatlong aklat ng kurso, ang mga paksa at mga bahagi ng bawat paksa.

Sa buong kurso, maging sa bawat paksa at mga bahagi ng bawat paksa, umiiral sa magkakaibang anyo at diin ang proseso ng pagbubukas, katawan, at pagsasara ng talakayan.

### 2. Ang Pagbubukas ng Pag-aaral sa Kurso

Matapos na magpakilanlanan ang mga mag-aaral at instruktor, at mailinaw ang organisasyon ng buong pwersang kalahok, iskedyul ng pag-aaral, mga alituntunin at iba pang kaugnay na mga usapin, handa na para simulan ang pag-aaral sa BKP.

Mahalaga sa pagbubukas na makuha ang interes ng mga mag-aaral at maihanda ang kanilang isipan para sa buong proseso ng pag-aaral. Anumang paraan ang gagamitin para makuha ang interes ng mga mag-aaral, dapat na isaalang-alang ng instruktor ang katangian ng mga mag-aaral, ang kalagayan ng kanilang pagkilos at partikular na mga pangangailangan.

Mainam din na sa yugtong ito, makuha ng instruktor ang ekspektasyon ng mga mag-aaral upang maging angkop ang kanyang pagdidirihe sa talakayan.

Tungkulin ng instruktor sa pagbubukas ng pag-aaral sa kurso na ilinaw ang: layunin ng pag-aaral; balangkas ng kurso; at kabuluhan ng pag-aaral sa kurso.

**a. *Paglalahad ng Layunin ng Pag-aaral***

Nakatuon ang layunin sa target at diin ng pag-aaral. Mahalagang mailahad at mailinaw ang layunin ng pag-aaral sa pagbubukas dahil dito naisasakongkreto at naitatakda ang pag-uugnay ng teorya sa praktika at ang disiplinang bumibigkis sa pag-aaral. Tinitiyak ng layunin na ang pag-aaral ay isasagawa upang masapol ang mga prinsipyo at magamit ang mga ito bilang gabay sa patuloy na praktika ng mga mag-aaral, hindi lamang upang mag-ipon ng mga kaalamang-aklat. Itinatakda rin ng layunin ang antas at saklaw ng talakayan.

Kaakibat ng paglilinaw sa layunin ng pag-aaral, dapat ding mabigyan ang mga mag-aaral ng pagtanaw sa bilang ng araw na gugugulin para tapusin ang buong kurso.

**b. *Paglalahad ng Balangkas ng Kurso***

Sa pamamagitan ng paglalahad ng balangkas ng kurso, ang mga mag-aaral ay nabibigyan ng masaklaw na pagtanaw sa magiging daloy at direksyon ng pag-aaral. Napakahalaga nito sa sistematikong pagpapaunlad ng talakayan. Tinitiyak nito na hindi "maliligaw" ang mga mag-aaral sa pagbubuo ng kanilang pag-unawa sa kurso at sa bawat bahagi nito.

Bahagi din ng paglalahad ng balangkas ng kurso ang paglilinaw sa ugnayan ng pangunahing mga bahagi at ng mga paksang nakapaloob dito. Makakatulong ito sa mga mag-aaral upang makita ang lohikal na koneksyon ng iba't ibang nilalaman ng kurso, at kung gayon, mapapadali ang kanilang pagsapol sa mga ito.

**k. *Paglalahad ng Kabuluhan ng Pag-aaral sa Kurso***

Kinakailangang mahusay na mailinaw ng instruktor ang kabuluhan ng pag-aaral sa BKP. Mahalaga ito upang maipokus ng mga mag-aaral ang kanilang atensyon at magsikap para iugnay ang pag-aaral sa kanilang rebolusyonaryong praktika. Makakatulong din ito sa mga mag-aaral para bigyan nila ng malaking pagpapahalaga ang mga pagsisikap na mailunsad ang ganitong aktibidad.

### 3. Ang Sistematikong Pagtalakay sa Bawat Paksa

Ito'y dumadaan din sa pangkalahatang proseso ng pagbubukas, pagtalakay sa katawan, at pagsasara.. Sa pagpapadaloy ng talakayan, matamang ginagamit ng instruktor ang kanyang *lesson plan* habang bukas sa mga nararapat na adyasment.

**a. *Pagbubukas ng Talakayan sa Paksa***

Ito ang maikling paglalahad sa partikular na layunin, balangkas at ugnayan ng paksa sa iba pang mga paksa. Nililinaw ng layunin ang target at diin ng paksa at kung ano ang esensya nito.

Ang paglalahad sa balangkas ay nagbibigay ng masaklaw na pagtanaw hinggil sa pagkakahanay-hanay ng pangunahing mga nilalaman ng naturang paksa. Inihahanda nito ang mga mag-aaral sa daloy ng talakayan.

Higit pang napapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa kabuluhan ng naunang talakayan sa pamamagitan ng pagpapakita ng relasyon nito sa bagong paksang tatalakayin.

**b. *Pagtalakay sa Katawan ng Paksa***

Ang pagtalakay sa katawan ng paksa ay nahahati sa dalawang bahagi: ang paglalahad ng mga prinsipyo o konsepto, at ang sapat na pagpapalawig ng talakayan hinggil sa mga ito.

**i. Paglalahad ng mga prinsipyo o konsepto.** Dito isinasagawa ang paglilinaw sa pangunahing mga punto ng paksa ayon sa balangkas at nilalaman nito. Sa paglalahad ng mga prinsipyo o konsepto, gumamit ng simpleng mga paraan na makakatulong sa madaling pag-unawa at pag-alala ng mga mag-aaral sa mga ito. Ang kahulugan ng isang prinsipyo o konsepto ay maaaring ilahad sa paggamit ng simpleng depinisyon at mga pangungusap. Makakatulong din ang paghahanay ng mga punto *(enumeration)* tulad ng "tatlong dapat tandaan sa pagkilala ng mga uri," "tatlong hakbang sa proseso ng pag-alam," at iba pa. Maaari ding gumamit ng mga salitang pangkilala *(identification words)* tulad ng "dalawa" sa paglilinaw ng prinsipyo ng dialektika.

Upang ibayong mapadali ang pagkilala at pagsapol ng mga mag-aaral sa isang prinsipyo o konseptong, at masundan ang daloy ng paglilinaw, gamitin ang inihandang pantulong sa pagtuturo. Maaaring ito ay sa anyo ng diagram, drowing, poster, at iba pa.

Gumamit ng mga halimbawa, naihanda man o naisip sa takbo ng talakayan, para idiin ang kahalagahan ng prinsipyo o konseptong pinag-aaralan. Sa pamamagitan nito, maisasakongkreto ang prinsipyo o konsepto, at mailalarawan ang aplikasyon nito sa praktika. Sa gayon, ibayong nagiging buhay at masigla ang talakayan. Matapos maglahad ng halimbawa, mahalagang idiin muli ang prinsipyo o konseptong nililinaw sa halimbawa.

**ii. Pagpapalawig ng talakayan.** Ang pagpapalawig ng talakayan ay ang pagtitiyak na magkaroon ng sapat na pag-unawa ang mga mag-aaral sa prinsipyo o konseptong pinag-aaralan. Ginagamit dito ang dagdag na mga pagtalakay ng instruktor, ambag na paglilinaw at kongkretong mga halimbawa mula sa mga mag-aaral, at pagbabato ng mga tanong hinggil sa aplikasyon ng prinsipyo o konsepto. Ang partisipasyon ng mga mag-aaral sa talakayan ay magbibigay ng ideya hinggil sa antas ng kanilang pag-unawa sa konseptong tinatalakay. Kapag may sapat nang pagpapalitaw ng tanong, halimbawa, at bukas na talakayan, maaari nang magrenda ang instruktor at umusad sa susunod na punto.

Kakailanganin ang dagdag na pagtalakay ng instruktor kung hindi pa rin malinaw sa mag-aaral ang prinsipyo, o kung may lumitaw na bagong punto o anggulo sa aplikasyon ng prinsipyo sa praktika na dapat ipaliwanag.

Anuman ang mangyari, iwasan na hayagang magtalo ang mga instruktor sa harap ng mga mag-aaral. Kung may magkakaibang pananaw ang mga instruktor, maaaring mag-usap sila sa breyktaym para pag-aralan ang usapin at marating ang nagkakaisang pusisyon kung paano ililinaw ang punto, o kung hindi naman magkasalubungan sa puntong iyon, maaaring ihayag sa mga mag-aaral na sasaliksikin pa nila ang bagay na iyon at ihahabol na lamang ang paliwanag sa mga mag-aaral sa susunod na pagkakataon.

**k. *Pagsasara ng Talakayan sa Paksa***

Isinasagawa ang pagsasara matapos ang sapat na pagpapalawig ng paksa ayon sa balangkas nito. Ito ay ang maikling pasada sa dinaloy ng talakayan at muling pagdidiin sa mahahalagang puntong nailinaw at lumitaw. Sinisinop nito ang pag-unawa at pag-alala ng mga mag-aaral sa mga puntong natalakay.

Mahalagang bahagi ng pagsasara ang pagtaya kung nakamit ang layunin ng pag-aaral sa paksa. Binabalikan ang mga puntong natalakay sa pagbubukas ng talakayan. Maaaring magbato ang instruktor ng mga tanong para sukatin ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa kabuuang paksa. Ginagamit din ang pagsasara upang punuan ng instruktor ang ang pagkukulang sa pagpapalawig sa alinmang bahagi ng paksa.

Nagsisilbi rin ang pagsasara ng talakayan bilang transisyon o "tulay" para ihanda ang mag-aaral para sa susunod na paksa.

**d. *Ang Pagsasara ng Pag-aaral sa Kurso***

Matapos ang pagtalakay sa lahat ng paksang nilalaman ng BKP maaari nang pormal na isara ang pag-aaral. Ito ay ang pagsasariwa sa kabuuang dinaloy ng talakayan, ang maikling pagpasada sa balangkas ng kurso at ugnayan ng mga paksa, at, higit sa lahat, ang pagtaya kung nakamit ang layunin ng pag-aaral. Nilalayon ng pagsasara na sinupin ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa buong kurso. Gawing isang okasyon sa ibayong pagkokonsolida ng kasapian ng Partido ang bawat pag-aaral ng BKP.

## E. ANG PATULOY NA PAGPAPAUNLAD NG GAWAING INSTRUKSYON SA BKP

Sa gabay at inspirasyon ng IDKP, ang ating kampanya sa pag-aaral ng BKP ay nakapagkamit ng panibagong pagsigla at higit na napapayaman ang ating mga karanasan sa gawaing instruksyon sa naturang kurso. Gayunman, hindi tayo dapat magkasya sa isang antas ng kaalaman at kakayahan sa gawaing instruksyon sa BKP, kundi kailangan ng ibayong pang pagsisikap upang tuluy-tuloy na magpakahusay sa partikular na larangan ng gawaing ito. Sa gayon, mabisang matutugunan natin ang pangangailangan sa teoretikal na edukasyon ng dumaraming kasapi ng Partido, sa pagpapalitaw ng mas maraming instruktor, at higit sa lahat, sa makabuluhang pag-aambag sa konsolidasyon at tuluy-tuloy na pagpapalakas ng Partido sa ideolohiya, pulitika at organisasyon.

Susi sa pagpapaunlad ng gawaing instruksyon sa BKP ang pagsasagawa ng mga pagtatasa pagkatapos ng bawat inilulunsad na pag-aaral at ang pana-panahong paglalagom ng mga karanasan sa gawaing instruksyon.

1. **Ang Pagtatasa sa Bawat Sesyon ng Pag-aaral sa Kurso**

Ang pagtatasa sa bawat pag-aaral sa kurso ay ang ebalwasyon sa naging sistema ng kabuuang pag-aaral. Layunin nito na tukuyin ang mga usaping kailangan pang paunlarin sa bahagi ng mga instruktor at ng mga mag-aaral. Ginagawa ito sa dalawang antas: una, sa sama-samang pagtatasa ng mga mag-aaral at instruktor; at, ikalawa, sa hiwalay na pagtatasa ng mga instruktor.

**a. *Ang sama-samang pagtatasa ng mga instruktor at mag-aaral***

Ito ang kolektibong pagtatasa sa naging paghahanda ng mga instruktor at mag-aaral, sa pagkamit sa layunin ng pag-aaral, sa pamamaraan ng instruksyon, at sa partisipasyon ng mga mag-aaral sa aktwal na pag-aaral at iba pang aktibidad. Isinasagawa ang pagpupuna at pagpuna-sa-sarili kaugnay ng mga ito. Ginagamit na batayan ng pagtatasa ang katitikan ng pag-aaral. Kung kinakailangan, maaaring magtasa hindi lang sa pagtatapos ng kurso kundi maging sa proseso ng pag-aaral para sa maagap at angkop na pagwawasto at pagpapahusay sa mga pamamaraan.

Mainam na mahikayat ang mga mag-aaral na isa-isang magsalita upang ihayag ang matitingkad na epekto sa kanila ng naidaos na pag-aaral, opinyon sa nilalaman ng kurso, at puna at mungkahi sa pamamaraan ng instruktor at sa kanilang partisipasyon sa pag-aaral. Maaari ding ipatukoy sa kanila ang mga aspeto o bahagi ng kurso na nananatiling malabo pa o hindi pa gaanong naiintindihan upang makita ang mga usaping nararapat na pagtuunan ng pansin sa patuloy nilang pag-aaral.

Bilang pagsasara sa pulong pagtatasa, binubuod ng instruktor ang mahahalagang puntong lumitaw, ang aktwal na bilang ng araw at oras sa pag-aaral sa buong kurso at sa bawat paksa, at ang pangkalahatang ebalwasyon sa pagkakamit ng layunin ng pag-aaral. (*Tingnan ang hiwalay na gabay na mga tanong sa pagtatasa ng mga instruktor at mag-aaral na kalakip dito*.)

**b. *Ang pagtatasa sa hanay ng mga instruktor.***

Ang pagtatasa ng mga instruktor ay ang mas malalim na pagsusuri sa kanilang naging paghahanda at kabuuang pagkondukta sa pag-aaral. Partikular na layunin ng pagtatasa na tukuyin ang mga kahinaan at itakda ang tiyak na mga hakbang para iwasto ang mga ito. Ang resulta ng pagtatasa ay magsisilbing gabay ng mga instruktor para itaas ang kalidad ng kanilang pagtuturo.

Ginagamit na batayan at sanggunian ng pagtatasa ang resulta ng sama-samang pagtatasa ng mga instruktor at mag-aaral at ang katitikan ng pag-aaral. Mula sa mga ito ay matutukoy ang mga puntong kailangan pang saliksikin at palalimin, ang mga pamamaraan na kailangang ibayong pahusayin, at ang iba pang usapin kaugnay ng gawaing instruksyon. (*Tingnan ang hiwalay na gabay na mga tanong sa pagtatasa ng mga instruktor na kalakip dito.*)

2. **Ang Paglalagom sa mga Karanasan sa Gawaing Instruksyon sa BKP**

Ito ang pana-panahon, mas masaklaw at mas komprehensibong pagsusuri sa kampanya ng pag-aaral sa BKP. Layunin ng paglalagom na halawin ang mahahalagang aral mula sa mga karanasan sa gawain sa BKP at itakda ang tiyak na mga hakbang para lutasin ang mga problema at iba pang usapin, tungo sa pag-aangat sa mas mataas pang antas ng gawain sa BKP. Mahalagang batayan ng paglalagom ang nalikom at nakonsolidang mga ulat tungkol sa nailunsad na mga pag-aaral sa BKP.

Ang paglalagom ay maaaring isagawa sa pamamagitan ng kumperensya na dadaluhan ng mga instruktor sa BKP at mga namumunong kadre na nangangasiwa sa gawaing edukasyon sa iba't ibang antas ng organisasyon ng Partido. Ang kumperensya ay magsisilbing palitan ng iba't ibang karanasan sa gawaing BKP sa pagitan ng mga instruktor at mga kadre.

## II. WORKSHOP AT PRAKTIKUM

**A. *Dryrun* sa pagbibigay ng paksa alinsunod sa lesson plan**
**B. *Critique* sa *dryrun* batay sa laman at pamamaraan**

# GABAY SA PAGTATASA NG MGA INSTRUKTOR AT MAG-AARAL

## I. Paghahanda

### A. Sa Bahagi ng Mag-aaral

1. Kailan at paano napaabutan tungkol sa pag-aaral ng BKP? Ayon sa paabot, ano ang mga dapat paghandaan para sa pagdalo sa pag-aaral?
2. Nakapagbasa ba ng mga libro/teksto?
3. May inihanda bang katanungan ayon sa isinagawang pagbabasa ng teksto?
4. May mga gamit ba at iba pang teknikal na pangangailangan kaugnay ng pagdalo sa pag-aaral (pagkain, gamit-eskwela, gamit-katawan, atbp.)?

### B. Sa Bahagi ng Instruktor

1. Paano naghanda para sa pag-aaral na inilunsad?
2. May naihanda bang lesson plan, tulong-biswal at iba pa?
3. Ano ang iba pang paghahandang isinagawa?

## II. Aktwal na pag-aaral

### A. Nilalaman ng Kurso/Mga Paksang Tinalakay

1. Anong paksa at punto ang tumampok? Bakit? Ano ang bahaging nasapol? Ano ang bahaging hindi gaanong nasapol? Bakit?
2. Ano ang mga naging katanungan?

3. Ano ang naiwang bukas na usapin sa mga tinalakay na paksa?
4. Ano ang mga mungkahi kaugnay ng nilalaman at daloy ng kurso?

### B. Partisipasyon ng Mga Mag-aaral

### K. Pamamaraan ng Pagtuturo

1. **Pagsapol sa paksa**
2. **Pamamaraan ng pagtalakay at paano ito nakatulong sa pagpapaliwanag**
3. **Pagpapasigla ng partisipasyon at pagrenda sa loob ng pag-aaral kung kinakailangan**
4. **Pagtutulungan o *team teaching* sa bahagi ng mga instruktor**

### D. Ilang oras ang ginugol sa bawat paksa at sa buong pag-aaral?
### E. Ano ang mga sumulpot na problema sa proseso ng pag-aaral? Paano ito nilutas?

## III. Akomodasyon, seguridad at mga teknikal na usapin

## IV. Iba pang aspeto ng pag-aaral:

**Hatian ng Gawain (kusina, linis, atbp.)**

## V. Mga Rekomendasyon:

1. **Sa mag-aaral**
2. **Sa instruktor**
3. **Sa nilalaman ng kurso**
4. **Sa pamamaraang ginamit**
5. **Sa mga teknikal na pangangailangan**
6. **iba pa**

# GABAY SA PAGTATASA NG MGA INSTRUKTOR

## I. Paghahanda sa pag-aaral

1. Nagkaroon ba ng pagsisiyasat sa mga mag-aaral at sa kanilang unit na kinabibilangan ?
2. Paano inihanda ang mga mag-aaral sa pagbabasa ng teksto, pagbigay ng oryentasyon at iba pang usapin?
3. Nakapaghanda ba ng *lesson plan*? Nakapagrebyu ba o nakapag-ensayo? Kung hindi, bakit?
4. Nakapagpulong ba ang mga instruktor kaugnay ng hatian ng mga paksa, katangian ng mga mag-aaral, pamamaraan ng pagtuturo, lugar na pagdarausan, atbp.?
5. Naihanda ba ang mga teknikal na pangangailangan sa pag-aaral? Kung hindi, bakit? Ano ang mga kulang?

## II. Aktwal na Pag-aaral

### A. Mag-aaral

1. Gumawa ng pangkalahatang pagtatasa sa mga mag-aaral. Balikan at uriin ang lahat ng pangunahing tanong na lumitaw. Anong mga punto ang mahigpit na nasapol at naipatimo sa kanilang isipan, anong mga punto ang hindi nila gaanong nasapol, at kailangan pa ng partikular na mga pagtalakay/pag-aaral?
2. Gumawa ng partikular na pagtatasa sa bawat mag-aaral. Sinu-sino ang may kakayahang magturo? May nahuhuli o naiiwan ba sa talakayan? Bakit? Anong mga hakbang ang

ginawa para makasabay siya sa talakayan?

3. Nagkaroon ba ng problema sa disiplina ng mga mag-aaral? Kung mayroon, paano ito niresolba?
4. Nakadalo ba ang lahat ng dapat dumalo? May dumalo ba na hindi dapat dumalo? Bakit?

## B. Pagdadala sa Talakayan at Pamamaraan

1. Naipaliwanag ba nang malinaw ang pangunahing mga punto ng paksa? Angkop ba ang mga halimbawang ginamit?

2. Mabisa at angkop ba ang mga pamamaraang ginamit sa paksang tinalakay at sa kabuuang antas/katangian ng mga mag-aaral? Paano pa pahuhusayin pa ang mga ito?

3. Paano pinamunuan ang mga pang-grupong talakayan o workshop?

4. Ano ang naging papel ng mga pangkulturang aktibidad sa kabuuang daloy ng pag-aaral?

5. Tasahin ang ginamit na mga pantulong sa pag-aaral (biswal, charts, vcd, power point at iba pa). Paano pa pahuhusayin ang mga ito kapwa sa pagiging presiso ng laman at mahigpit na ugnay at paglilinaw sa paksang tinatalakay?

## K. Integrasyon

1. Paano nakisalamuha sa mga mag-aaral sa panahong walang pormal na talakayan?
2. Gumampan ba ng iba pang gawain gaya ng pagluluto, atbp.?

# III. Mga Rekomendasyon

1. sa nilalaman at daloy ng mga paksa
2. sa pamamaraan sa pagtuturo
3. sa kapwa instruktor
4. sa lugar at iba pang teknikalidad

# GABAY SA PAG-UULAT NG INILUNSAD NA BKP

## I. Pag-aaral

**A. Pag-aaral na Inilunsad** ______________________________

**B. Petsa** ____________________________________________

**K. Yunit/Organo na nag-isponsor** ________________________

## II. Mag-aaral

**A. Kabuuang bilang ng mag-aaral** _________________________

_________________ Mula sa Hanay ng Masa *(Partaymer)*

_________________ Mula sa Hanay ng BHB/Puting Purok *(Pultaymer)*

## III. Instruktor

**A. Bilang ng Instruktor** ________________________

_________________ Punong Instruktor
_________________ Pangalawang Instruktor
_________________ Tagatala

**B. Paksang tinalakay ng bawat instruktor**
**K. Yunit o organong kinabibilangan ng Instruktor ______________**

| **PAKSA** | **INSTRUKTOR** | **MAG-AARAL** | | **ORAS/ARAW** |
|---|---|---|---|---|
| | | **PT** | **FT** | |
| **AKLAT 1** | | | | |
| SPPPR | | | | |
| MD | | | | |
| MI | | | | |
| EP | | | | |
| Impe | | | | |
| **AKLAT 2** | | | | |
| KnP | | | | |
| Uri at Krisis | | | | |
| DRB | | | | |
| **AKLAT 3** | | | | |
| Partido | | | | |

## IV. Laman, pamamaraan, estilo ng pagtalakay, gamit sa pagtuturo at oras na ginugol.

### A. Laman

1. **Ano ang mga paksang madaling maintindihan ng mag-aaral?**
2. **Ano ang mga paksang hindi gaanong nasapol? Bakit?**
3. **Ano ang naging mga katanungan? Paano ito sinagot?**

4. **May mga naging bukas na usapin ba hanggang matapos ang pag-aaral? Anu-ano ang mga ito?**
5. **Angkop ba ang mga halimbawang ginamit?**
6. **Anu-ano ang mga rekomendasyon kaugnay ng laman at daloy ng paksa?**

### B. Pamamaraan o estilo ng pagtalakay

1. **Angkop at mabisa ba ang mga pamamaraan sa pagtuturong ginamit sa bawat paksa? Kung hindi, bakit?**
2. **Anu-ano ang mga biswal at iba pang pantulong sa pagtuturo na ginamit sa pag-aaral? Angkop ba ang mga ito? Ano ang mga mungkahi sa pagpapahusay ng mga ito.**

### K. Oras na ginugol sa pagtalakay ng bawat paksa at kabuuang oras ng pag-aaral.

### D. Teknikal

**1.** Hatian ng gawain sa loob ng eskwelahan at sa labas ng pag-aaral (pagluluto, paglilinis at iba pa).
**2.** Ilahad ang mga obserbasyon sa ginamit na lugar, akomodasyon at iba pa.

## V. Rekomendasyon

### A. Sa mag-aaral
### B. Sa mga instruktor
### K. Sa nilalaman at daloy ng paksa
### D. Sa teknikalidad
### E. At iba pa.

*(Ilakip ang buod ng pagtatasa ng mga instruktor at mag-aaral at ang buod ng pagtatasa ng mga instruktor.)*

# MGA SANGGUNIAN NG KURIKULUM SA BATAYANG EDUKASYON NG PARTIDO

ANG BKP (TEKSTO) AT NG kaugnay ng mga sanggunian nito ay bahagi ng pangkalahatang kurikulum ng edukasyong pampartido sa batayang antas. Ang tuluy-tuloy at programadong pag-aaral ayon sa pangkalahatang kurikulum na ito ay isang mahalagang hakbang upang patibayin ang pundasyong teoretikal ng buong Partido. Kaya hindi dapat ituring na tapos na ang pag-aaral sa mga nilalaman ng BKP kapag tapos na ang pag-aaral sa mismong kurso. Kinakailangan ang mga patuloy na pagsisikap upang higit na mapalalim ang ating pag-unawa sa mga saligang aralin at nilalaman ng BKP.

Nakalahad sa ibaba ang listahan ng mga sanggunian:

## I. Pangunahing mga Aralin

### A. Mga Dokumento ng Partido

1. Patnubay para sa mga Kadre at Kasapi ng Partido: ***(a)*** *Iwasto ang mga Pagkakamali at Muling Itatag ang Partido*; ***(b)*** *Saligang Batas ng PKP*; **at,** ***(k)*** *Programa para sa Demokratikong Rebolusyong Bayan*
2. *Lipunan at Rebolusyong Pilipino*
3. *Krisis at Rebolusyong Pilipino*
4. *Hinggil sa Moda ng Produksyon*
5. *Hinggil sa Usapin ng Transisyon sa Pilipinas*
6. *Ang Ating Mahigpit na mga Tungkulin*
7. *Mga Partikular na Katangian ng Ating Digmang Bayan* at ang update nito

8. Mga pangunahing dokumento ng IDKP: ***(a)*** *Muling Pagtibayin ang Ating mga Saligang Prinsipyo at Iwasto ang Pagkakamali*; ***(b)*** *Pangkalahatang Balik-Aral sa Mahahalagang Pangyayari at Pasya Mula 1980-1991*; ***(k)*** *Manindigan para sa Sosyalismo Laban sa Modernong Rebisyunismo*

9. *Magkaisa para Itaas ang Diwang Mapanlaban at Kakayahayan ng Partido at Mamamayan*

## B. Iba pang mga akda at artikulo:

1. **Marx:** *Manipesto ng Partido Komunista*
2. **Lenin:** ***(a)*** *Marx, Engels at ang Marxismo*; ***(b)*** *Estado at Rebolusyon*
3. **Mao:** ***(a)*** *Limang Gintong Silahis*; ***(b)*** *Hinggil sa Praktika*; ***(k)*** *Hinggil sa Kontradiksyon*
4. **JMS:** *Mga Kontradiksyon sa Pandaigdigang Sistemang Kapitalista at ang Pangangailangan ng Sosyalistang Rebolusyon*

# II. Dagdag na mga Aralin

1. Jose Ma.Sison: ***(a)*** *Malapyudalismo, Alamat o Katotohanan?*, ***(b)*** *Demokrasya at Sosyalismo* (mula sa Makibaka para sa Pambansang Demokrasya)
2. Mga Pahayag sa Ika-20 at Ika-25 Anibersaryo ng PKP
3. *Marxismo, Leninismo at Kaisipang Mao Zedong Bilang Gabay ng Rebolusyong Pilipino*, Armando Liwanag
4. *Tesis sa Sitwasyong Pandaigdig*
5. *Hinggil sa Monopolyo Kapitalistang Globalisasyon*
6. Mga Piling Parangal sa mga Martir ng Rebolusyong Pilipino
7. *Programa ng Pambansang Demokratikong Prente ng Pilipinas* (1994)
8. *Mga Pundasyon ng Leninismo,* Stalin
9. *Sahod, Presyo at Tubo,* Marx
10. *Sosyalismo, Utopyan at Syentipiko,* Engels
11. *Gabay sa Pakikitungo sa Eleksyong 1998*

Maaari pang dagdagan ang pag-aaralang mga sanggunian mula sa dati nang mga umiiral na babasahin ng Partido sa mga lalabas pa sa mga darating na panahon. Sa ganitong paraan, higit na mapapayaman ang pangkalahatang kurikulum sa batayang antas.

Kinakailangang matiyak ang planado at organisadong pag-aaral ng nabanggit na mga sanggunian. Mainam na mailakip ito sa programa sa edukasyon ng bawat yunit ng Partido sa bawat panahon.